**Pamagat**: Ang Panalangin na Dininig ng Panginoon.

**Texto**: Matt. 15:25 Then came she and worshipped him, saying, Lord, help me.
*Pagsasalin*: Sa gayon ay lumapit siya at sinamba siya, na sinasabing, Panginoon, tulungan mo ako. (Mateo 15:25)

**Panimula**:

1. Ito po ay ang salaysay ng isang babaeng hindi Hudyo ("Gentile" o Hentil) [taga-Canaan], pero lumapit siya sa Panginoon at ang panalangin niya ay uliran o tamang-tama. Tiyak na nakuha niya sa pamamagitan ng kanyang pagsamo ang biyaya ng Diyos.
2. Umakyat ang Panginoon sa pook o lugar ng mga Hentil ("Tyre" at "Sidon"). Kung basahin natin ang agapay na texto sa Marcos 7:24, mapapansin natin na parang bakasyon ang layunin ng Panginoon, pero hindi pwede na siya ay hindi mapapansin, or makatago. Linapitan siya ng babae kasi nangangailangan siya ng tulong para sa kanyang anak na pinahihirapan ng isang diyablo.
3. Bibigayan natin pansin ang kanyang pambihirang panalangin. Ang lengwahe ng kanyang panalangin – ito ay panalangin na dirinig ng Panginoon. [katulad ito ng kaligtasan]

**I. Tama ang Pananaw niya sa Panginoong Jesu-Cristo**:

1. Siya ay lumaki na pagano. Ang mga taga Canaan ay sumasamba sa mga rebulto, o diyos-diyosan, mga gawa ng kamay ng tao. (Hindi po ganyan ang Diyos, Juan 4:24).
2. Pero ang kanyang pagpapahayag: "O, Panginoon, ikaw na Anak ni David." (v.25, Panginoon, tulungan mo ako). (v. 27a Totoo, Panginoon).
3. Sigurado na narinig niya ang balita patungkol kay Jesu-Cristo. Maari na:
   a. Narinig niya ang mensahe ni Juan (the Baptist): "Narito, ang Kordero ng Diyos!" (Jn. 1:29, 36).
   b. Pumapasok na ang Panginoong Jesus sa kanyang ikatlo at huling taon ng paglilingkod. (Katapusan ng katanyagan, at simula ng pagsalungat).
   c. Siguro narinig niya ang mga milagro ng Panginoon, lalo na ang kanyang pagpapagaling o pagpapagamot ng mga iba't-ibang tao, at iba't-ibang pangagailangan. At lahat ng mga himala o milagro na ginawa ng Panginoon ay mayroong napakamabuting layunin:
      c.1. Pinapatunayan nito ang kanyang mensahe ng kaligtasan.
      c.2. Ang kanyang Kadiyosan.
      c.3. Ito ay para sumampalataya ang tao at magkaroon sila ng buhay na walang hanggan (Jn. 20:30-31). ("senyas" – palatandaan).
4. Una, tinawag siya na "Panginoon" – Kurios – God, Master, Supreme in authority.
5. Ikalawa, "Anak ni David" – ito ay espesyal na kataga na ginagamit sa Bagong Tipan. Patungkol Ito sa pangako ng Diyos kay David na bibigyan sila ng isang Mesayas, o Kristo (pinili ng Diyos na magiging Tagapagligtas). – Ang ayaw na kilalanin ng mga Hudyo patungkol kay Jesus, na siya ang Mesiyas (pinunong hinirang), ay ipinahayag nitong babae.

**II. Tama ang Pananaw niya sa Kaniyang Sarili**:

1. "Mahabag ka sa akin" o "Maawa ka sa akin." (Mateo 15:22).
2. Meryoon siyang dakilang pangangailangan. – ito ay isang napakahalangang prinsipyo ng kaligtasan.
3. Nakita niya kung sino ang Panginoon – ito ang ikalawang prinsipyo ng kaligtasan.
4. Meyroon din siyang – Pagtitiyaga.
5. Pero, sinubukan siya ng Panginoon, para makumpleyo ang kanyang pananampalataya. (Mateo 15:24). At makikita natin na buong-buo o kumpleto ang kanyang panampalataya: (Mateo 15:25; 27). At pinagpala siya ng Panginoon! (Jn. 1:11-12).

**Katapusan**:

A. Kailangan mo ng tamang pananaw sa Panginoong Jesus, at tamang pananaw sa iyong sarili.
B. Kailangan rin ng buong-buo o tubos na pagsisi and pananampalataya sa Panginoon.